# Mga barangay na nasa state of imminent danger, hiniling ni Gob. Tallado na bigyan prayoridad ng RDRRMC



*Kasalukuyang isinasagawa ng DPWH ang Mantagbac, Daet River Control na isa sa limang (5) proyektong hiniling ni Gob. Tallado sa National Disaster Risk Reduction Management Council –Office of Civil Defense.*


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Hiniling kamakailan ni Gob. Edgardo A. Talldo na mapabilang sa mga prayoridad na proyekto ng *Regional Disater Risk reduction Management Council o RDRRMC* sa Rehiyong Bikol ang *repair/rehabilitation ng sea wall at flood control* sa Lalawigan ng Camarines Norte na kinabibilangan ng mga sumusunod na mabigyan ng kaukulang pondo:

1. *Repair/ Rehabilitation of Seawall of* Brgy. Parang, Jose Panganiban
2. *Repair/Rehabilitation of Seawall of* Brgy. Poblacion Norte at Barangay Bagumbayan, Paracale
3. *Repair/Rehabilitation of Seawall of* Brgy. Basiad, Sta. Elena
4. *Repair/Rehabilitation of Seawall of Mercedes*
5. *Repair/Rehabilitation of River Control Structure*, Brgy. San Isidro, Daet

Kalakip sa liham panukala kay G. Bernardo R. Alejandro IV, *Regional Director Office of Civil Defense* at *Chairman* ng *RDRRMC 5* ni Gob. Tallado bilang siya pa ring *Chairman* ng *Regional Peace and Order Council* ng Region 5, ang isang sertipikasyon ni Dr. Carlos C. Galvez, *PDRRMO* ng Camarines Norte na nagpapatunay na ang mga nasabing *seawall* at *flood control* ay lubhang napinsala dulot ng bagyong Basyang noon pang Hulyo 2010 at kinakailangan nang ayusin sa lalong madaling panahon.

Samantala, sa bisa ng Resolusyon Blg. 025-2014 ng Sangguniang Panlalawigan (SP), idineklarang nasa *state of imminent danger* ang bayan ng Mercedes gayundin ang mga barangay ng Parang sa bayan ng Jose Panganiban; Basiad sa Sta. Elena; San Isidro sa Daet, at Poblacion Norte at Bagumbayan sa Paracale dahil sa hindi maayos na kalagayan ng mga nasabing istruktura na pawang mga nasa bay-

*(Sundan sa pahina 3)*



**Gob. Edgardo A. Tallado**




## Nasa Loob


Kabataang may kapansanang nais mag-aral sa kolehiyo, may maaasahang scholarship sa kapitolyo p2
Local Area Networking ipatutupad sa kapitolyo p2
14 estudyante na nakapasa sa PSHS System binigyang-pagkilala ng Sang. Panlalawigan p2
BALUZO ng CNHS, 2nd place sa Mr. & Ms. tungGALINGan 2013 p2
Turn-over ng covered courts ng Brgy. 7 at San Roque, isinabay sa Multi-Services Caravan sa Mercedes p3
Mensahe ni Gob. Tallado sa Nagaueño sa pagdiriwang ng JOMAPA Day sa Naga City p4
Proyektong natapos kamakailan, nagmula sa natipid na pondo
Mga piling larawan P5
Kalumpang trees na itinanim noong Dis. 1999 sa pangunguna ni dating Gob. Emmanuel B. Pimentel tatawaging 'Emmanuellium Tree' p6
Maaari nang umorder ng Half Rice p6
20% diskwento sa pamasahe ng estudyante kahit walang pasok, ipinag-uutos sa Ordinansa p7


# MS Caravan 2014, unang dinayo ang Aguit-it at Sabang sa Vinzons

## "Higit sa Salita, Gawa!", ang hatid na tema.

"HIGIT SA SALITA, GAWA!", ito ang *slogan* ng *Multi-Services Caravan (MSC)* sa muling pagarangkada nito ngayong 2014.

Tampok ngayong *2014 MSC* ang pakikipagdiyalogo sa mga opisyal ng barangay ng mga hepe ng mga tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan upang mas personal at direktang matugunan ang mga katanungan o impormasyon na nais malaman ng mga tagabarangay ukol sa kanilang mga kaukulang mga programa at serbisyo.

Isa pang bago sa *2014 MSC* ay ang pagsasagawa ng panayam sa mga taga-barangay ukol sa *disaster preparedness* na pangungunahan ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)*. Ito ay upang isulong ang adhikain na ***zero casualty*** sa alinmang panganib sa pamamagitan nang pagbibigay sa komunidad ng angkop na impormasyon at kahandaan sa pagdating ng kalamidad sa anumang oras.

Sa pamamagitan ng *Provincial Treasurer's Office*, isinabay na rin ng pamahalaang panlalawigan ang pamimigay sa barangay ng *mandatory cash assistance* na itinatakda sa ilalim ng *Local Government Code.*

*(Sundan sa pahina 3)*




*Kuha ang larawan sa Brgy. Aguit-it habang nagbibigay ng mensahe si Gob. Edgardo A. Tallado. Ang Aguit-it at karatig barangay ng Sabang na nasa bayan ng Vinzons ang unang dinayo ng 2014 Multi Services Caravan at muling maghandog ng mga pangunahing serbisyong medikal at dental, libreng gupit, at iba pa.*

# Kabataang may kapansanang nais mag-aral sa kolehiyo,may maaasahang scholarship sa kapitolyo

Simula ngayong 2014, ang mga *persons with disabilities (PWDs)* na nais pumasok sa kolehiyo o kasalukuyang kumukuha ng *tertiary* o *ladderized courses* sa anumang antas ay hindi na sasailalim sa eksaminasyon para mapabilang sa *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP).*

Matatandaan na nakasaad sa *Provincial Ordinance No. 14-2011* na pwedeng mag-aplay sa *CNPGCEAP* ang mga *PWDs* ngunit ang karapatan nilang ito ay mas tinukoy at higit na lumawak sa pagkaamyenda kamakailan ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 28-2013 na isinulong ng SP sa pamamagitan nina Bokal Teresita DL. Malubay katuwang si Bokal Jay Pimentel, *chairman* ng *SP Committee on Education*.

Sa bagong amyendang ordinansa, ang 5% ng bakanteng puwesto o alokasyon para sa mga bagong kwalipikadong iskolar na kukunin bawat taon ay ilalaan para sa mga mag-aaplay na *PWDs*.

Ang anak ng mga *PWDs* na hindi makapaghanapbuhay dahil sa kanilang kapansanan ay maaaring maging benepisyaryo ng *CNPGCEAP* ngunit ito ay limitado lamang sa isang anak kada pamilya. Maliban dito, kailangang matugunan din nila ang ilang reglamento na itinatakda sa Seksyon 4.1, 7.1, 9.2 at 9.3 ng bagong amyendang Ordinansa.

Sakaling magkwalipika, kailangang imantine ng mga *PWDs* o anak ng mga *PWDs* ang *average grade* na hindi bababa sa 78% o katumbas nito para patuloy na mapasama sa programa. Habang ang regular na iskolar ay 85% ang kailangang *general weighted average* at 80% para sa mga kumukuha ng *engineering courses*.

Ang mas pinalawak na karapatan at pribilehiyo ng mga *PWDs* sa ilalim ng *CNPGCEAP* ay alinsunod sa Resolusyon Blg. 400-2013 na nag-aapruba sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 28-2013 na nag-aamyenda sa Seksyon 4.5 ng P.O. Blg. 14-2011 na lalong kilala bilang *CNPGCEAP*.

Matatandaan na sa pamumuno ni Dr. Rex A. Bernardo, idinulog ng *Provincial Council on Disability Affairs* kina Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel at sa *SP* ang kanilang mga mungkahing patakaran upang mas maraming *PWDs* ang mapabilang sa *CNPGCEAP*.

Ipinag-utos naman ni Gob. Tallado sa *Community Affairs Office* ang pagsasaayos ng mga patakaran ukol dito upang sa pagbubukas ng klase sa Hunyo 2014 ay maayos na ang proseso para sa mga mag-aaplay na *PWDs*.

Sa ilalim ng *Republic Act 9442* o *An Act Amending RA 7277* o *Magna Carta for Persons with Disability as Amended and for other Purposes,* mas pinalawak ang karapatan at pribilehiyo ng mga *PWDs* partikular na ang mabigyan sila ng pantay na oportunidad sa trabaho, sa de-kalidad na edukasyon; *Health Program*; *Auxiliary Social Services*; *Telecommunications*; *Accessibility (barrier-free environment)* pati na *political* at *civil rights*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



# 14 estudyante na nakapasa sa Phil.Sci. HS binigyang pagkilala ng SP

Pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon Blg. 020-2014 na kumikilala sa 14 na estudyante mula sa 6 paaralang elementarya sa lalawigan na matagumpay na nakapasa sa *Philippine Science High School System (PSHSS) Search for Scholars for 2014*.

Sa naturang bilang, 5 ang nakapasa mula sa *Daet Elementary School (DES)*; tig-tatlo mula sa *Montessori Children's House of Learning (MCHL)* at *Labo Elem. School (LES)*, at tig-iisa mula sa *Chung Hua High School (CHHS), Vinzons Pilot Elem. School (VPES)* at *Camarines Norte State College (CNSC)*.

Katangi-tangi ang nakamit ng mga kabataang mag-aaral dito sapagkat sa may 22,661 na sumailalim sa *nationwide entrance exam* na ibinigay ng *PSHSS* noong Oktubre 2013, nakabilang sila sa may 1,231 estudyante o 5.43% na tanging nakapasa sa pagsusulit.

Sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, pinagkalooban ng Sangguniang Panlalawigan ng *Certificate of Recognition* ang 14 na mag-aaral na nakapasok sa *PHSSS-Bicol Region Campus* para sa taong 2014. Ito ay sina: Jence Christian Prestado dela Fuente - *CHHS*; John

**(Sundan sa pahina 4)**

# BALUZO ng CNNHS, 2nd place sa Mr. & Ms. tungGALINGan 2013

Labintatlong (13) mag-aaral mula sa *Camarines Norte National High School (CNNHS)* ang dumayo sa *Royal Palm Resort*, Brgy. Puypuy, Bay, Laguna noong Disyembre 2013 at nakipagtagisan sa *4th UP-JES* TungGALINGan, *A Multi-Competition, Leadership Camp*.

Isa sa kanila si Kimbely Felices Baluzo, *2nd year high school student* na nanalong *1st-Runner Up* sa *Search for Mr. and Ms. TungGALINGan* 2013.

Tinanghal ding *Most Outstanding Leader* si Baluzo sa naturang *UP Junior Executive Society (UPJES)* tungGALINGan 2013 na isinagawa sa loob ng tatlong (3) araw.

Ang delegasyon ng *CNNHS* ay pinangunahan ng dalawang guro na sina Emalyn C. Maras at John Ezra A. Pereyra na siya ring *coaches* ng mga mag-aaral sa kumpetisyon. Nagbigay-suporta rin si Gob. Edgardo A. Tallado sa delegasyon.

Ang tungGALINGAN ay isang taunang kumpetisyon na bukas para sa mga *high school students*

**(Sundan sa pahina 6)**

# Local Area Networking ipatutupad sa kapitolyo, LGUs hinikayat na magbigay ng free WI-FI services

Ipatutupad ngayong taon ng pamahalaang panlalawigan ang *Camarines Norte Network Architecture (CNNA)* upang mapakinabangan nang mas malawak ang *information technology* sa paghahatid ng serbisyo at mabilis at maayos na pamamahala ng gobyerno.

Ang *CNNA* ay ang pagkokonekta ng mga *computers* ng bawat tanggapan ng pamahalaang panlalawigan o pagkakaroon ng *local area network (LAN)* kung saan makikita at magagamit ng mga opisina ang mga datos na kailangan para sa transaksyon ng kani-kanilang tanggapan, mas mapapadali nito ang pag-*access* sa mga dokumentong kinakailangan. Makatitipid din ang pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *LAN* sapagkat hindi na kailangang ang bawat tanggapan ay magbayad ng kani-kaniyang linya ng *internet*.

Ang lahat ng opisina sa Kapitolyo ay mapapabilang dito kasama na ang Radyo ng Bayan. Ang harapan ng kapitolyo ay magkakaroon din ng libreng *WI-FI access* sa tuwing may mga mahahalagang okasyon na isinasagawa rito at kapag may mga lokal at dayuhang bisita.

Kaugnay rin ng proyektong ito, sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Bilang 463-2013, hiniling ng Sanggunian sa lahat ng munisipalidad na magbigay rin ng libreng *public wireless internet access* sa mga *municipal halls* (bulwagang bayan), *state colleges*, pampublikong parke at pagamutan sa pamamagitan ng paglalagay ng *wireless internet hostpots* sa kanilang mga gusali, at paglalaan dito ng kaukulang pondo.

Ito ay susog sa itinatakda ng Artikulo XVI, Seksyon 10 ng ating Konstitusyon na, ***"The State shall provide the policy environment of the full development of Filipino capability and the emergence of communication structure suitable to the needs and aspirations of the nation and the balanced information into, out of, and across the country, in accordance with a policy that respects the freedom to speech and of the press."***

Binigyang-diin din sa resolusyon na akda nina Bise Gob. Pimentel at Bokal Renee Herrera na ang *internet* ay daan

**(Sundan sa pahina 3)**

# Turn-over ng covered courts ng Brgy. 7 at San Roque, isinabay sa Multi-Services Caravan sa Mercedes

Ang ikalawang serye ng *Multi-Services Caravan (MSC)* 2014 ay isinagawa noong Enero 17 sa Brgy. 7 at San Roque sa Mercedes na tinampukan ng pag-*turn-over* ng proyektong *covered court* doon na ipinatupad ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Ang *covered court* ng Brgy. 7 ay pinunduhan ng gobernador sa ilalim ng *Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (LDRRMF)* habang sa *20% development* naman nanggaling ang pondo para sa konstruksyon ng *covered court* ng Brgy. San Roque, Mercedes.

Pinangunahan nina Gob. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Mayor Alex Pajarillo kasama ang mga *board members* na sina Pol Gache, Renee Herrera at Gerry Quiñones ang paggupit ng laso bilang tanda ng pagpasinaya sa mga *covered courts*.

Samantala, ang *multi-services caravan* ay hinati sa 2 klaster kung saan ang *venue* ng unang klaster ay ang Brgy. San Roque kasama ang Brgy. 1 at 2, at ang Brgy. 7 para sa ikalawang klaster na kinabibilangan ng Brgy. V at VI.

Sa pamamagitan ng *caravan*, ipinagkakaloob ang libreng tsek-ap, gamot at bitamina, pagbasa sa presyon ng dugo, *blood typing* at *blood sugar testing* pati na libreng pagbunot ng ngipin sa mga taga-barangay.

Ito ang pangunahing prayoridad ng gobernador na naniniwala na ang kalusugan ay kayamanan hindi lamang ng isang indibidwal kundi ng ating bansa na ang katatagan at kaunlaran ay nakasalig sa malulusog at produktibong mamamayan.

Maliban sa serbisyong pangkalusugan, ipinaabot din sa mga residente ng barangay ang programang pang-edukasyon ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang oportunidad sa trabaho, mapa-lokal at internasyonal man.

Ipinamigay rin sa mga residente ang pantanim na mga punungkahoy, bungang-kahoy at mga butong gulay; libreng bitamina sa mga alagaing-hayop, pati na *tilapia fingerlings*.

Ipinagkaloob din ang *mandatory cash assistance* at *assessment rolls* para sa mga kaukulang opisyal ng barangay. Tuloy-tuloy ring naghatid ng libreng gupit, *hair dye* at *hot oil* sa mga kababaihan at kalalakihan sa barangay, bata at matanda man. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



*Kasama ang Sangguniang Barangay ng Brgy. 7, Mercedes sa pamumuno ni Kapitan Lorenzo A. Rayos, pinasinayaan ni Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel at Mayor Alexander L. Pajarillo kasama sina SP Members Pol Gache, Renee Herrera at Gerry Quiñones, ang covered court ng barangay.*



*(Mula sa kaliwa) SP Member Pol Gache, Mayor Alexander L. Pajarillo, Gob. Edgardo A. Tallado, at Garry Patrick S. Cootauco, Punong Barangay ng San Roque sa paggupit ng laso bilang pasinaya ng covered court ng San Roque.*

## Mga barangay ...

*(Mula sa pahina 1)*

baying nakaharap sa Dagat Pasipiko maliban sa San Isidro *River Control*.

Ginawa ito ng Sanggunian bilang paunang hakbang para makapaglatag ng kaukulang *disaster risk mitigating measures* at *structures* ang pamahalaang panlalawigan. Kinakailangang sa lahat ng pagkakataon ay naka-akma ito sa lahat ng uri ng panganib, kalamidad at/o emerhensya.

Sinusuportahan ng naturang Resolusyon ng Sangguniang Panlalawigan, ang kahilingan ng gobernador sa *RDDRMC* ukol sa pagsasaayos at rehabilitasyon ng naturang mga *sea walls/flood control* na ang malaking bahagi ay sira na at maaaring maglalagay sa panganib sa kanilang mga residente at kanilang ari-arian man sakaling magkaroon ng malakas na bagyo o pagbaha o kaya ay *storm surge* o *tsunami* sa kanilang lugar.

Samantala, kasalukuyan nang isinasagawa ang pagsasaayos ng Daet *River Control* na nasa bahagi ng Mantacbac Daet, na nauna nang naidulog ni Gob. Tallado noon pang nakalipas na taon upang mapondohan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING ARRIOLA-CALIMLIM***

## Local area networking ...

*(Mula sa pahina 2)*

sa mas mabilis na komunikasyon ng at sa pagitan ng publiko at mga institusyon gayundin sa iba't-ibang transaksyon gaya ng *online banking, trading, procurement, sourcing* at *interaction*.

Ang publiko ay madali na ring makakukuha ng kaukulang dokumento at serbisyo mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan pati na ang pagsubaybay sa mga programa ng pamahalaan sa pamamagitan ng *internet*. Nakapag-aaral at nakakukuha na rin ngayon ng *degree courses* sa pamamagitan ng *distance learning* at *online learning management systems* na hatid ng *internet*.

Isinulong ng pamahalaang panlalawigan ang nasabing inisyatibo sapagkat tungkulin ng pamahalaan na magbigay sa publiko ng libre at demokratikong *access* sa *internet* na nagpapakita sa determinasyon ng pamahalaan na maghatid ng tunay at epektibong *communication and information technology* para higit na maisulong ang demokratikong karapatan at interes ng mga mamamayan nito. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## Multi-services caravan ...

*(Mula sa pahina 1)*

Si Punong Barangay Pedro Alan de Panes ng Brgy. Aguit-it ay nagpasalamat kay Gob. Tallado dahil unang idinaos sa kanilang barangay ang *caravan*. Labis daw ang kanilang kagalakan lalo na at isinagawa rin ang pasinaya roon ng *multi-purpose building project* na una na nilang hiniling sa gobernador.

Bago ang naturang *caravan*, pinulong ng gobernador ang mga hepe ng mga kaukulang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para sa kaukulang responsibilidad ng mga kawani mula sa iba't-ibang opisina na tuwing araw ng Byernes ay naghahatid ng serbisyo sa *caravan*. Tiniyak din dito ang pangangailangan para sa maayos at sistematikong daloy ng mga gawain at maiwasan ang anumang aberya o problema.

Napagkasunduan sa pulong na ang tanggapan ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang siyang mamamahala sa paghahatid ng mga imbitasyon. Isang araw bago ang *caravan*, sila ay magtutungo sa lugar upang mas malinaw at malawak na maipaabot ang impormasyon.

Itinalaga naman si G. Boy Reyes mula sa Tanggapan ng *Provincial Veterinarian (PROVET)* bilang bagong *project coordinator* ng *Multi-Services Caravan*.

Handang-handa ng *MSC Team* ni Gob. Tallado sa tuluy-tuloy na paghahatid ng *Multi-Services Caravan* sa mga barangay. Ang *MSC Team* ay magkakaloob ng libreng serbisyong medikal at pangkalusugan gaya ng pagkuha sa presyon ng dugo at pagsuri sa tipo ng dugo o *blood typing*, pagsusuring medikal, libreng gamot at *multi-vitamins* na kailangan ang reseta kasama rito ang pagsusuring dental at libreng pagbunot ng ngipin. Mamimigay rin dito ng libreng salamin na pambasa lamang pagkatapos na masuri ng doktor.

Tampok pa rin dito ang patok na patok na Handog-Gupitan na pinamumunuan ng maybahay ng gobernador na si Mam Josie na naghahatid ng libreng gupit, tina at *hot oil*.

Ipinaaabot din dito ang impormasyon ukol sa programang pang-edukasyon at oportunidad sa trabaho. Ang libreng *legal consultation* ay ipinagkakaloob din dito, maliban sa iba pa.

Isinusulong din ng *caravan* ang programang pang-agrikultural, pampangisdaan at pangkapaligiran man sa pamamagitan ng pamimigay ng mga pantanim na butong-gulay, punungkahoy, bungang-kahoy, at semilya ng isda pati kaukulang babasahin at pagpapayo sa mga magsasaka partikular na sa sakit ng niyog na *brontispa*. Mamimigay rin sa mga piling barangay ng alagaing baboy, kalabaw o kambing man bilang alternatibong hanapbuhay pati na bitamina sa mga alagaing hayop. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jing calimlim***

## Maaari ng ...

*(Mula sa pahina 6)*

kahalagahan ng responsableng pagkunsumo ng bigas para masugpo ang malnutrisyon at kahirapan gayundin ang maging *rice self-sufficient* ang Camarines Norte. Responsibilidad naman ng *Provincial Health Office (PHO)* ang magpalabas ng mga angkop na patakaran at regulasyon para masiguro ang maayos na implementasyon ng mga probisyon ng Ordinansa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado para sa mga Nagaueño sa pagdiriwang ng JOMAPA Day

The Honorable Mayor of Naga City, Mayor John G. Bongat, the Honorable Vice Mayor of Naga City, Vice Mayor Nelson S. Legacion, Hon. Councilor David Casper Nathan A. Sergio, Members of the City Council of Naga, Heads of Offices, The Principal of Naga Central School I, Dr. Teresita Irma S. Dy-Cok, delegation from the Department of Education headed by DepEd Superintendent, Dr. Emma I. Cornejo, Guests, Friends, Ladies and Gentlemen.

We feel deeply honored by the initiative of councilor Sergio who untiringly orchestrated this occasion of paying homage to the Great Bicolano hero Gat Jose Maria Panganiban.

It is quite ironical that our local hero in Camarines Norte is being honored here in Camarines Sur.

A gesture which I think should have emanated from the natives of our province.

At any rate, we understand that this province became a part of the life of Jose Maria Panganiban since he spent 4 years in the Seminario Conciliar of Nueva Caceres or the present day Holy Rosary Minor Seminary.

It is an extremely commendable initiative for the leadership of the City Government of Naga to give an immeasurable importance to Jose Maria Panganiban thru this ceremony which we are doing today. The Provincial Government of Camarines Norte and Municipal Government of Jose Panganiban annually commemorate his birth anniversary every 1st of February.

As a Governor of the province of Camarines Norte, I would like to take my hat off to the people of Naga for this singular event which provides a new dimension in shaping the minds of our people.

As you very well know, Jose Maria Panganiban is an epitome of exemplary virtues and values both as a student an as a nationalist advocate.

His memory is certainly an effective inspiration for both young and old who are clouded by so much materialism, individualism and greed.

As a student, he exemplified extraordinary qualities of diligence, perseverance, patience, industriousness, truthfulness, honesty and many other qualities necessary for a student to become excellent and outstanding.

As a leading stalwart of Propaganda Movement in Spain, Jose Maria Panganiban showed how it is to become heroic in all aspects of life.

As a nationalist, he was a symbol of subordination, personal interests to that of the nation.

For all of us, Jose Maria Panganiban is an icon of being a good Filipino.

His legacy is sending us very strong message of doing always the right thing even if other people would not.

In behalf of the people of Camarines Norte, let me extend our deepest gratitude to the people of Naga for reviving and reinvigorating the Panganiban tradition which will never be outdated.

But instead, would always be relevant to the heart of each one of us.

Thank you and May God bless us all.

# 14 estudyante na nakapasa sa Phil.Sci. HS...




*Ipinagkakaloob ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang Sertipiko ng Pagkilala kay Viberly Rashad Rom Reyes, kasama ang kanyang amang si Boy Reyes habang nakamasid sina (mula kaliwa) BM Quiñones, BM Gache, BM Herrera, BM Jay Pimentel, BM Pardo, BM Canals at BM. Sa 14 na estudyante mula sa Camarines Norte na nakapasa sa PSHSS, si Reyes lamang ang tanging nagkwalipika sa PSHSS Main Campus-Manila.*

(Mula sa pahina 2)

Paul Cereno Mago – *VPHS*; Princess Willen Frilles Villarin – *CNSC*; Rae Gabriel Escolano Samonte, Kurt John Brimbuela Palivino at John Harold Juan Natano – *LES*; Philip Jonathan Obusan Malubay, Adriana Roni Caleon Bombase at Aldrian Perez Alarcon – *MCHL*, at mula sa Daet *Elem. School* – Viberly Rashad Rom Reyes, Jose Elijah Perez Pineda, Shiri Padrigon, Janvirben Tagala Cale at Kristel Gayle Labrador Abriol.

Sa 14 na nakapasa, si Reyes lamang ang tanging nagkwalipika sa *PSHSS Main Campus* na nasa kaMaynilaan at pwede ring pumasok sa *Bicol Region Campus* kung kanyang gugustuhin.

Ang tagumpay ng naturang mga estudyante ay naghatid ng malaking karangalan hindi lamang para sa kanilang sarili, magulang at paaralan kundi gayundin sa ating probinsya. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Proyektong natapos kamakailan, nagmula sa natipid na pondo




*Multi-Purpose Hall/Covered Court ng Jose Panganiban Elementary School*

Natapos na kamakailan ang labing apat (14) sa 19 na proyektong pang-imprastraktura sa ilalim ng *3rd Supplemental Development Plan 2013* ng Lalawigan ng Camarines Norte na umabot sa P18,980,000.00 na pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan sa bisa ng SP Resolusyon Blg. 143-2013 at inaprubahan ni Gob. Tallado noon pang Hulyo 3, 2013.

Kabilang sa naturang 19 na proyekto ang konstruksyon ng 10 *multi-purpose* halls gaya ng nasa: Brgy. Itok, Capalonga *(Phase II)*; Cobangbang *(Phase 1)*; *South Poblacion*, Jose Panganiban *(Phase II)*, at mga barangay ng Colasi, Hinipaan, Manguisoc, Masalong-salong, at Matoog-toog sa bayan ng Mercedes na natapos kamakailan habang patuloy naman ang konstruksyon ng *multi-purpose hall* ng Brgy. Alawihao, Daet at ng Brgy. I, Vinzons.

Nakapaloob din sa naaprubahang *3rd supple-*

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM

***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,

***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula

***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# JOMAPA Day in Naga City

## *Mga piling larawan*






*(Mula sa kaliwa) Nagbibigay ng kani-kaniyang mensahe sina Naga City Mayor John G. Bongat; Naga City Councilor Nathan A. Sergio; Camarines Norte Board Member Rodolfo 'Pol' Gache bilang kinatawan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Councilor Sarah P. Aviado bilang kinatawan ni Mayor Ricarte Padilla ng Jose Panganiban*



*Ang pagbubukas ng Exhibit ng Memorabilia ni JOMAPA sa Holy Rosary Minor Seminary ay pinangunahan nina Daet Mayor Tito S. Sarion, Naga City Mayor John Bongat at Board Member Gerry Quiñones habang nakamasid ang mga taga-Camarines Norte na dumalo sa okasyon at ilang kamag-anak sa ina ni JOMAPA.*



*(Mula sa kaliwa) Sinusulat nina PB Ferdie delos Santos; Coun. Ariel Villaflores, LNB Pres. PB Grace Villablanca at PB Paz Farley ang ilang impormasyon mula sa exhibit bilang batayan sa Quiz Bee ukol kay JOMAPA na isasagawa nila sa Jose Panganiban sa Pebrero 1.*




*Ang mga kamag-anak sa ina ni Jose Maria Panganiban y Enverga na lubos ang kagalakan sa ginawang pagkilala ng Naga sa kanya: (mula kaliwa) Coun. Aristeo Arenal; Evelyn T. Maderal; Lorena dela Torre Ibasco, Admin. Officer V,G.O.-CAO; Caridad Enverga Teves, Irvin Enverga dela Torre, Jose Enverga Juguilon, at Marinelle at Marinella dela Torre Ibasco.*




*Ang delegasyon ng Camarines Norte na binubuo ng ilang konsehal ng LGU Jose Panganiban kasama ang ilang punong barangay at kawani gayundin ang ilang opisyales at kawani mula sa pamahalaang lalawigan ng Camarines Norte at Naga City, at ang pamunuan ng Naga Central School.*



*Sina (mula kaliwa) Prof. Danilo M. Gerona, historian; Mr. Ian Christopher Alfonso, researcher mula sa National Historical Commission of the Philippines, at Fr. Rex Andrew Alarcon, director, Naga Parochial School ang mga naging tagapagsalita sa Lecture on JOMAPA na dinaluhan din ng maraming mag-aaral sa Naga City.*



# Kalumpang trees na itinanim noong Dis. 1999 sa pangunguna ni dating Gob. Emmanuel B. Pimentel tatawaging 'Emmanuellium Tree'

Matatandaan na noong Disyembre 25, 1999, 6 na araw bago ang pagpasok ng bagong milenyo, pinangunahan ni yumaong dating Gob. Emmanuel 'Kuya Jess' B. Pimentel ang isang *tree planting activity* kung saan ilang libong semilya ng punong Kalumpang ang itinanim sa iba't-ibang lugar ng Camarines Norte.

Dahil dito, ipinanukala ni Bokal Reynoir 'Bong' Quibral ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 012-2014 na nag-aproba sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 01-2014 ng Pamahalaang Panlalawigan – *An Ordinance Identifying Kalumpang Trees of Camarines Norte as 'Emmanuelennium Tree'* na tatawaging 'Emmanuelennium *Tree*' *Ordinance*.

Samantala, sa pamamagitan ng *Museum Archives and Shrine Curation Division (MASCD)*, isang simbolikong pananda o *marker* ang itatatag katabi ng Kalumpang *Tree* na itinanim sa naturang makasaysayang aktibidad. Iuukit dito ang pangalan ni yumaong dating Gob. Pimentel pati na ang mga pangunahing personahe na nakasama niya noon sa pagtatanim ng mga puno ng Kalumpang.

Ang naturang mga inisyatibo ay bilang pagpupugay kay 'Kuya Jess' na nagpakita ng matiim na pagmamalasakit sa kalikasan sa layuning tuluy-tuloy itong mapakinabangan ng mga susunod na henerasyon bilang siyang mga susunod na lider at tagapagmana ng ating kapaligiran, na inaasahan niyang tutularan ang ginawa niyang pagsisikap na muling mapanumbalik ang ating berdeng kalikasan at malinis na kapaligiran. **LORENA DT-IBASCO**



*Ang Kalumpang Trees (wild almond) lalo na ang mga dahon nito kapag inilaga o ginawa namang langis ang katas ay nakakagamot ng mga sakit sa balat tulad ng butlig. Ito ay insect repellant din.* *(source-Wikipedia)*

# Maaari ng umorder ng half rice sa restawran atpb pang kainan sa Camarines Norte sa bisa ng Ordinansa ng Sangguniang Panlalawigan

Ang kanin ang itinuturing na *staple food* o pangunahing pagkain ng mga Pilipino na hindi pwedeng mawala sa ating mga hapag-kainan.

Ngunit sa pag-aaral na isinagawa kamakailan ng *Food and Nutrition Research Institute (FNRI)*, lumabas na halos 2 kutsarang nilutong bigas sa bawat paghain *(meal)* ang nasasayang ng bawat isang mamamayang Pilipino.

Ang itinuturong ugat na dahilan nito ay ang kawalan ng *half-cup rice serving* sa *food service industry* kagaya ng mga *fast food chains*, restawran, at iba pang komersyal na kainan. Regular at awtomatiko ang kanilang *one-rice serving* kaya gustuhin man ay hindi magawa ng mga kustomer na bumili ng tamang dami ng kanin na kaya lamang nilang ubusin.

Dahil dito, maraming nasasayang na lutong kanin na mula sa mga butil ng bigas na matiyagang itinatanim ng mga magsasaka at inalagaan sa loob ng halos 3 buwan para magkaroon ng masaganang ani at tuluy-tuloy na suplay ng bigas para sa mga kunsumidores.

Para matigil na ang ganitong sitwasyon at makatulong sa kampanya ng pamahalaang nasyonal para magkaroon ng *rice self sufficiency* ang bansa, sa bisa ng Resolusyon Blg. 377-2013 ay pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ang *Provincial Ordinance No. 24-2013 – An Ordinance Requiring the Food Service Industry in the Province to Include Half-Rice Serving in their Menu*.

Nakapaloob din sa Ordinansa ang paghimok sa mga kunsumidores na: kumain lamang ng tamang dami ng kanin; huwag magsayang ng bigas/kanin, at lubos na pahalagahan ang sakripisyo ng mga magsasaka. Kasama rin dito ang pagbibigay ng inspirasyon sa mga magsasaka para mas magsikap sila na mapataas ang kanilang ani gayundin ang paggamit nila ng mga makabago kapakipakinabang na teknolohiya sa pagsasaka.

Alinmang *food service provider/s* na mapatunayang lumabag sa Ordinansang ito ay papatawan ng kaukulang kaparusahan. Sa magiging unang paglabag nila, pagbabayarin sila ng multang P1,000.00; ikalawang paglabag - pagbayad ng multang P3,000.00 at 1-buwang suspensyon ng kanilang lisensya o *permit to operate*, at sa ikatlong paglabag – pagbayad ng multang P5,000.00 at permanenteng pagkansela sa kanilang lisensya o *permit to operate*.

Kaugnay nito, naatasan ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pangunahan ang pagbuo ng mga panlalawigang programa na mag-aangat sa kamalayan ng publiko sa

*(Sundan sa pahina 3)*

# Unang monumento ni JOMAPA, 1930 pa ...

*(Mula sa pahina 8)*

niya ay monumento ni Jose Rizal ang nakatayo sa *NCS I* na kadalasang matatagpuan sa mga paaralan. Siya man ay nasorpresa rin nang mabatid na ito ay rebulto ni JOMAPA at mula roon ay nagkainteres siyang alamin ang kasaysayan nito, hanggang isagawa nila ang okasyong ito bilang pagkilala sa talino at kagitingan ni JOMAPA.

"Patunay lamang ito na kinilala rin ng mga Nagaueño ang husay ni JOMAPA bilang isang Bikolano lalo na noong ang Camarines Norte at Camarines Sur ay iisang lalawigan lamang na tinawag na Ambos Camarines. Marahil ay naiintindihan na rin natin ngayon kung bakit may kalsada rito sa Naga na kung tawagin ay Panganiban *Drive*," ayon pa kay *Coun.* Sergio.

Ang paaralan ng *Naga Central School I* sa pamumuno ni Dr. Teresita Irma S. Dy-Cok, *Principal II* ay naging masigla ang pagsalubong sa mga panauhin. Habang kumakain ng meryenda ang mga bisita ay nagtanghal ang *Rondalla Club* ng paaralan at ang isang pang grupo ng mga mag-aaral sa kanilang sayawit.

Nagpagawa pa ng *T-shirt* ang *Naga City Government* na mukha ni JOMAPA ang disenyo na siyang isinuot sa nasabing okasyon. Labis naman ang naging kasiyahan at pasasalamat ng mga taga Camarines Norte sa magarbong selebrasyon ng LGU Naga bilang pagpupugay kay JOMAPA.

Samantala, inanyayahan naman si *Coun.* Sergio ng *LGU* Jose Panganiban para maging panauhing pandangal sa pagdiriwang ng *JOMAPA Day* sa Jose Panganiban sa Pebrero 1, 2014.

Si Jose Maria Panganiban na may pamansag na ***'JOMAPA'*** at ***'J.M.P.*** sa kanyang mga panulat sa ***La Solidaridad*** ay panganay na anak na lalaki nina Vicente Panganiban ng Hagonoy, Bulacan at Juana Enverga ng Mauban, Tayabas (ngayon ay Lalawigan ng Quezon).

Hinangaan siya ng kapwa mga mag-aaral niya sa *Holy Rosary Minor Seminary* dahil sa natatangi niyang talino. Sa edad na 12 taon, bihasa na siya sa wikang Latin at *Spanish*, at sa edad na 15 taon ay malawak na ang pananaw ukol sa *Classics and Natural Sciences.*

Sa murang edad, si JOMAPA na *Pepe* kung tawagin naman ng kanyang mga kapamilya at kaibigan ay kinakitaan ng katangi-tanging kahusayan sa pagsulat at pagpahayag ng kanyang mga ideya at saloobin. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JCALIMLIM***

# BALUZO ng ...



**Kimberly Felices Baluzo**

*(Mula sa pahina 2)*

sa buong Luzon. Isa itong *multi-competition* na nahahati sa 3 aktibidad bawat araw kung saan ang unang araw ay tinawag na ***Envision;*** ikalawang araw – ***Transition*** at ikatlong araw – ***Integration***.

Sa tinaguriang ***Envision Day***, sinubok ang antas ng pagkamalikhain ng mga delegado sa pamamagitan ng *Creative Product-Making* o ang paggawa nila ng orihinal at bagong produkto mula sa *main product* na ibinigay sa kanila.

Kabilang naman sa tinatawag na ***Transition Day*** ang: *Amazing Race, Skills Market Place (SMP)*, at *Advertisement Making*.

Ang tinaguriang ***Integration Day*** ay tinampukan ng *Immersion* kung saan binigyan ng kani-kaniyang gawain ang mga delegado na sumubok sa antas ng mga natutuhan nila habang nasa *leadership camp*. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Natapos na mga proyekto sa 2013...

(Mula sa pahina 8)

proyekto ay 17 pa ang ginagawa.

Mula naman sa *National Irrigation Administration (NIA) Trust Fund* ang 23 proyekto gaya ng 20 *communal irrigation system (CIS)*; 2 rural irrigation system (*RIS*) at 1 *small impounding project* (*SIP*). Pito (7) na lamang sa mga ito ang nasa 50% na ang nagagawa.

Sa 17 proyekto mula sa OPAPP-PAMANA, 9 ang *FMRs*, 4 ang *water system*, 2 tulay, 1 *multipurpose pavement* at 1 *CIP*.

Ang 12 proyekto mula sa *Department of Health (DOH)* na pawang tapos na ay ang pagsasaayos at pagsasagawa ng iba't-ibang pasilidad sa *Camarines Norte Provincial Hospital* sa Daet at sa Labo *District Hospital*.

Ang dalawang proyekto mula sa *AECID*: ang *construction* ng *2nd floor* ng *lying-in clinic* sa Talisay at ang *Barangay Health Station* sa San Isidro San Lorenzo Ruiz ay kabilang sa mga proyektong naipatupad ng 2013.

Ang 8 pang proyekto ay mula sa *LGU-DAP*; 2 mula sa *2012 General Appropriation Acts*; at 1 mula sa *Motor Vehicle Users Code (MVUC)* ay pawang naisagawa rin.

Ang mga proyektong ang pondo ay mula sa pambansang ahensiya kadalasan ay may *equity* o bakas na pondo ang pamahalaang panlalawigan ay tulad ng sa *ARCP2*.

Sa kabuuang 259 na proyekto, 167 dito ay 100 porsyento nang natapos at ang 51 pang proyekto ay 80-90% na ang natatapos at maaaring sa paglimbag ng balitang ito ay 100% na ring tapos.

Nangangahugan ito na mayroon na lamang halos 41 na malalaking proyekto na tinatapos pa.

Ang mga proyektong pinondohan sa ilalim ng pamahalaang panlalawigan tulad ng *20% development fund* at *LDRRMF* ay 100% *completed* na. Kinapapaloobban ito ng konstruksyon ng *evacuation centers*, *multi-purpose halls*, pagsasaayos ng *provincial roads* at *barangay roads*, mga gusali at iba pa.

Dahil sa dami ng pondong nakalap ni Gob. Tallado ay nagkaroon ng maraming proyekto sa Camarines Norte. Si Gob. Egay na kilalang hindi masalita ngunit masipag at matiyaga sa pagkilos para sa kaunlaran ng Camarines Norte ay masasabing nakapagtala ng napakaraming proyekto sa unang termino pa lamang niya.

Hindi lang *20% development fund* ang inaasahan ng pamahalaan para maisakatuparan ang mga proyektong inaasasam ng mga mamamayan.

Sa ilang pagkakataon ay paulit-ulit na nagpasalamat ang gobernador sa mga kawani ng *PEO*. Bagama't napakaraming gawain at hindi naman nadagdagan ang kawani ng *PEO* ay naisasagawa nang maayos at nasa takdang panahon ang mga proyekto. **J. CALIMLIM**

# Proyektong natapos...

(Mula sa pahina 4)

*mental development plan* ang katatapos na rehabilitasyon ng *footbridge* ng Brgy. Mambalite, Daet gayundin ang katatapos na pag-aspalto/ rehabilitasyon ng *farm to market roads (FMRs)* na sumasakop sa mga barangay ng San Isidro-San Ramon-Manlimonsito, Salvacion-San Ramon-Manlimonsito-Salvacion-San Antonio, sa bayan ng San Lorenzo Ruiz. May 5 pang proyektong patuloy pa rin ang konstruksyon.

Ang mabilis na implementasyon ng mga nabanggit na proyekto ay patunay na inuuna ni Gob. Tallado ang 'gawa' kesa 'ngawa', ika nga. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 20% diskwento ng mga estudyante sa pamasahe sa lahat ng uri ng sasakyan kahit walang pasok, ipinag-uutos sa Ordinansa

Ang konting matitipid na barya araw-araw kapag naipon ay malaking bagay lalo na sa mga pangkaraniwang pamilya na halos lahat ng anak ay pumapasok sa paaralan at namamasahe. Totoo ito, lalo na sa harap ng patuloy na paglaki ng gastusin sa pagpapaaral lalo na ang araw-araw na gugulin sa pamasahe ng mga estudyante. Ito ang isa sa mga natukoy na sanhi ng madalas na pagliban sa klase ng mga estudyante na nagresulta naman sa pagtaas ng bilang ng *school drop-outs* dito sa Camarines Norte.

Dahil dito, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Panlalawigang Ordinansa Blg. 38-2013 na nagbibigay ng 20% *fare discount* sa lahat ng kwalipikadong estudyante sa pagsakay nila sa lahat ng uri ng sasakyang panlupa, pantubig at panghimpapawid *(land, water and air transportation utilities)* man kahit sa mga araw ng Sabado, Linggo, *Christmas vacation* at iba pang pista opisyal. Ito ay sa bisa ng pagpatibay ng Resolusyon Blg. 492-2013 – *A Resolution Approving Provincial Ordinance No. 38-2013*.

Ang pagpapatupad nito ay pamumunuan ng *local PNP*, *Municipal Deputized Law Enforcers* at mga kaukulang *local government unit (LGU)* sa lalawigan kung saan ang mahuhuling lalabag sa Ordinansa ay papatawan ng mga sumusunod na parusa: Unang Paglabag - Multang P1,500.00; Ikalawang Paglabag - Multang P3,000.00, at sa Ikatlong Paglabag - Multang P5,000.00 at pag-indorso sa kanila sa *LTO* para sa pagkumpiska ng kanilang kaukulang *driver's license*, at sa *Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB)*I at *Tricycle Regulatory Board (TRB)* ng kaukulang pamahalaang bayan para sa pagbawi ng kanilang *business permit* o *franchise*.

Ang naturang Ordinansa ay naimukna at napagtibay sa panahon ng pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan noong Disyembre kung saan isa sa naging gawain ay ang *joint session* ng SP at ng mga napiling *youth SP members*. Iniakda nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Bokal Arthur Michael G. Canlas at *Ex-Officio SP Member* Joaquin Emmanuel G. Pimentel kasama ang kanilang *counterpart youth officials* na sina *Girl Vice Gov.* Chantal Jade C. Puse ng *Chung Hua High School*; *Girl Board Member* Erlizza V. Raymundo ng Mercedes *Technical Vocational High School*, at *Girl Board Member* Quennie Mae Agno ng Labo *Science and Technology High School* ang kalugud-lugod na diskwento sa pamasahe kahit walang regular na pasok ang mga estudyante.

Ginawa ito ng *SP* para kahit paano ay mabawasan ang gastusin sa pamasahe lalo na at karaniwang kahit Sabado at Linggo ay namamasahe ang mga estudyante para makasama sa paggawa ng kanilang *group assignments* at *projects* sa paaralan o sa bahay ng kaeskwela kaya.

Inaasahan din ng SP na sa pagbibigay ng naturang *discount fare*, mai-engganyo ang mga estudyante na sumali sa mga *academic*, *extra-curricular* at *civic activities* ng kanilang paaralan kahit na sa mga araw na walang pasok. Isinaalang-alang din dito ng SP ang kapakanan ng mga mag-aaral sa kolehiyo na sumasailalim sa *internships*, *trainings* at iba pang gawain na kaakibat ng kanilang *curricula*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Isn't it amazing and surprising...

(Mula sa pahina 8)

guniang Panlungsod, ang pag-alay ng mga korona ng bulaklak sa monumento ni JOMAPA na itinayo sa gitna ng *Naga Cental School (NCS) I Grounds* noong 1930's.

Nakiisa sa pagdiriwang ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ni Sangguniang Panlalawigan *Member* Rodolfo V. Gache na nagbigay ng mensahe sa okasyon bilang kinatawan ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Si *SP Member* Gerry Quiñones naman ang isa sa naggupit ng laso para sa pagbubukas ng eksibit habang si Mayor Tito Sarion ang nag-alay ng bulaklak sa monumento ni JOMAPA kasama ang mga kamag-anak ng tinatawag na *'The Avenger of Filipino Honor'*.

May delegasyon din ang bayan ng Jose Panganiban na pinangunahan ni *Coun.* Sarah P. Aviado kasama ang iba pang konsehal, mga punong barangay at ilang mga guro at kawani ng pamahalaang bayan.

Sa *Tribute* para kay JOMAPA, sa *Naga Central School I Grounds,* masiglang nagbigay ng pagtanggap na mensahe si Dr. Dy-Cok, *Principal II*, na nagsabi ng linyang, *"isn't it amazing and surprising"*? Tinutukoy niya rito kung bakit kagulatgulat na ang isang tubong Camarines Norte na si JOMAPA ay patuloy na minamahal, iginagalang at binibigyangpugay ng mga taga-Naga *City*.

Mula sa *NCS I*, ipinagpatuloy ang selebrasyon sa *Holy Rosary Minor Seminary (HRMS) Recreation Hall* kung saan idinaos ang *JOMAPA Exhibit*. Pinangunahan dito nina *City Mayor* Bongat, *Rev. Fr.* William Parde, *HRMS rector*, at kaukulang mga lokal na opisyal ng Camarines Norte ang paggupit ng laso para sa pagbubukas ng eksibit.

Naka-display dito ang mga dokumento na nagpapakita ng mga marka ni JOMAPA noong siya ay nag-aaral pa sa *Holy Rosary Minor Seminary* na pawang mga *sobresaliente* na ang ibig sabihin ay *outstanding or excellent.*

Isinagawa rin sa *HRMS Recreation Hall* ang *JOMAPA Lecture* kung saan naging mga tagapagsalita sina *Fr.* Rex Andrew Alarcon, *director*, Naga *Parochial School*; Mr. Ian Christopher Alfonso, *researcher* mula sa *National Historical Commission of the Philippines*, at si *Prof.* Danilo M. Gerona, *historian*.

Itinaguyod ng *LGU Naga City* ang *JOMAPA Commemoration Day* bilang pagpupugay sa naging mahalagang kontribusyon ni *JOMAPA* para makalaya ang ating bansa mula sa pananakop ng mga kastila sa pamamagitan ng mapayapang pakikidigma gamit ang kanyang husay sa panulat kahanay ng mga propagandistang sina Graciano Lopez Jaina at ang ating pambansang bayaning si Gat Jose P. Rizal. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ JINGCALIMLIM***

# Isn't it amazing and surprising na Jose Maria Panganiban Day ipinagdiwang ng Naga City

Isinagawa noong Enero 23, sa Naga City ang Jose Maria Panganiban *Commemoration Day* bilang maagang selebrasyon doon ng ika-150 taong kapangakan ni Jose Maria Panganiban y Enverga na malapit sa puso ng mga Nagueño, bagama't siya ay ipinanganak noong Pebrero 1, 1863 dito sa Camarines Norte sa bayan ng Jose Panganiban na dating kilala sa tawag na Mambulao.

Ang Nueva Caceres (ngayon ay Naga *City*) ang nagsilbing tahanan sa loob ng 7 taon ni Jose Maria Panganiban dahil siya ay nag-aral sa *Holy Rosary Minor Seminary (HRMS)* sa Naga City kung saan pawang *sobresaliente (excellent)* ang kanyang naging mga grado.

Si *Spanish Governor-General* Domingo Moriones na dumalaw noon sa Camarines Sur at narinig ang talumpati ni *JOMAPA* sa isang programa sa *HRMS* ay nagpahayag ng paghanga sa huli. Noong Abril 1878, sinulat ni JOMAPA ang Nuestro Obispo bilang pagpupugay kay Obispo Francisco Gainza na bumibisita noon sa bayan ng Mambulao.

Samantala, ang 1-araw na pagdiriwang sa Naga City ay sinimulan sa ika-7 n.u. sa pamamagitan ng isang makulay at mahabang parada simula Panganiban *Drive* (*corner* Isarog *St. to* Naga *Central School I*). Nilahukan ito ng mga opisyal at kawani ng 27 barangay sa lunsod, mga pampubliko at paaralang elementarya at hayskul, sosyosibikong organisasyon, maliban sa iba pa.

Kasama ang mga kamag-anak sa ina ni JOMAPA, pinangunahan nina Naga *City Mayor* John G. Bongat, *City Vice Mayor* Nelson S. Legacion, *DepEd Supt.* Dr. Emma I. Cornejo, Dr. Teresita Irma S. Dy-Cok, *Principal II*, *NCS I*, at pamunuan ng Sang-

(Sundan sa pahina 7)



*Simula sa itaas na larawan: (1) isa sa DBC na lumahok sa parada; (2) Nagpagawa pa ng mga tarpaulins ni JOMAPA na inilagay sa kahabaan ng sentro ng Naga City at iba pang ginamit din sa parada; (3) ang Rondalla Club ng Naga Central School 1 na tumugtog para sa mga panauhin, at (4) ang pag-aalay ng bulaklak sa monumento ni JOMAPA (mula kaliwa) nina Daet Mayor Tito Sarion kasama sina Acting PIO/CAO IV Jing A. Calimlim at Admin. Officer V Lorena dela Torre Ibasco ng G.O.-CAO, at Admin. Asst. III Maricar DM. Manlapaz ng G.O.-MASCD.*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Natapos na mga proyekto sa 2013, higit pa sa target dahil sa dami ng pondong nakalap ng gobernador

Sa pagtatapos ng taong 2013, nagsumite ng *Accomplishment Report* ang *Provincial Engineering Office* (PEO) sa tanggapan ni Gob. Edgardo A. Tallado at batay dito ay nahigitan nito ang target nitong *accomplishments* bunsod ng pagdating ng maraming proyekto sa lalawigan dahil sa pagsisikap ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Batay sa ulat ng *PEO* sa pangangasiwa ni *Provincial Engineer* Cesar C. Paita, 259 na proyektong pang-imprastraktura ang isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa buong taon ng 2013.

Sa 259 na proyekto ng pamahalaang panlalawigan, ang 41 ay isinagawa sa ilalim ng *20% development fund* at 19 naman mula sa *Local Disaster Risk Reduction and Management Fund* (LDRRMF) o kabuuang 60 proyekto mula sa pondo ng kapitolyo.

Maliban dito, marami pang proyekto ang naipatupad na ang pondo ay nakalap ni gob. Tallado mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaang nasyonal.

Kabilang dito ang 69 na proyekto mula sa *Department of Agriculture (DA) Trust Fund* kung saan 67 ay *farm to market roads (FMRs)*, 1 *small irrigation project* at ang kasalukuyang tinatapos na *Agri-Pinoy Trading Center.* Dito ay 9 na proyekto na lamang ang tinatapos pa.

Ang 43 proyekto mula sa *Agrarian Reform Community Project (ARCP)* ay binubuo ng 28 *FMRs* na nasa iba't-ibang barangay sa mga bayan ng Basud, Jose Panganiban, Paracale, Labo at San Lorenzo Ruiz; 4 na *water systems*, konstruksyon ng 4 na *multi-purpose pavement/ warehouse*; 4 na *solar dryers*; konstruksyon ng *Barangay Health Station* sa Malangcao Basud, Labo, *Day Care Center (DCC)* sa Brgy. Dagang Paracale at *improvement* ng *DCC* ng Daguit, Labo. Sa mga proyektong ito ay may *equity* o bakas na pondo ang pamahalaang panlalawigan. Sa 43

(Sundan sa pahina 7)

# Unang monumento ni JOMAPA, 1930 pa itinayo sa Naga Central School



*Ang pag-awit ng Lupang Hinirang ng mga dumalo sa programa. Makikita ang monumento ni Jose Maria E. Panganiban na 1930 pa itinayo sa Naga Central School.*

Ang anibersaryo ng kaarawan ni Jose Maria Panganiban y Enverga (JOMAPA) tuwing ika-1 ng Pebrero ay maagang ipinagdiwang ng Naga *City* noong Enero 23. Tinampukan ito ng angkop na programa at *wreath laying ceremony* na idinaos sa gitna ng *Naga Central School (NCS) I Grounds* kung saan nakatayo ang kauna-unahang monumento ni JOMAPA.

Ang naturang monumento ay itinayo noong 1930's ng *Parents-Teachers Association* ng Naga Camarines Sur, halos 40 taon matapos pumanaw si JOMAPA sa Barcelona, Spain noong Agosto 19, 1890.

Sa pahayag ni *Councilor* Casper Nathan Sergio ng *City Government of* Naga, ito ang kauna-unahang monumento ni JOMAPA. Ayon pa sa kanya, may naunang monumento na itinayo sa Hagonoy, Bulacan kung saan nagmula ang mga magulang ni JOMAPA subalit ito ay nasira na kaya pwede nang kilalanin ang JOMAPA *monument* sa *Naga Central School* bilang pinakaunang bantayog ni JOMAPA.

Sa bahagi ng mensahe ni *Coun.* Sergio, kanyang ikwinento na noong una ang akala

(Sundan sa pahina 6)